


Taon XXXIV Blg. 16 Setyembre 21, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Palakasin ang kilusang protesta laban sa korapsyon at rehimeng US-Arroyo

Komiteng Tagapagpaganap-Komite Sentral Partido Komunista ng Pilipinas

Pinakulo ng isyung Jose Pidal ang usapin sa korapsyon ng Unang Pamilya sa kalagayang saklot ang buong papet na estado at bansa ng isyu sa pandarambong at talamak na korapsyon sa gubyerno at AFP. Pwede pang magsanga ang isyung ito at dumugtong sa kaso ng suhulan sa IMPSA, Macapagal



Blvd., Piatco at iba pa, at sumambulat nang mas malaki pa, sukdulang maghiwalay sa naghaharing reaksyunaryong pangkatin at magpatumba sa kanila sa isang pag-aalsang tipong-Edsa. Mangangailangan ng kilusang protestang mas malawak pa at ebidensyang mas malakas kaysa nailahad na para maramihang tumalikod o dumistansya sa Malakanyang ang mga tagasuporta nito sa kongreso, AFP-PNP, simbahan at masmidya. Pero ngayon pa lamang, lalo nitong pinatindi ang mga bulnerabilidad ng naghaharing paksyong nagkukumahog na suhayan ang kanilang hawak sa kapangyarihan. Lalo nitong niligalig ang malawak na masa ng sambayanan na labis nang nababalisa sa walang patumanggang kabulukan at korapsyon, pasistang terorismo ng estado, interbensyong US at mas mabilis pang pagsahol ng pamumuhay sa ilalim ng reaksyunaryo at papet na rehimeng US-Arroyo.

Tungkulin nating pamunuan ang mamamayan sa pagpapalawak at pagpapalakas ng kilusang protesta laban sa korapsyon at naghaharing reakysunaryo at papet na pangkatin. Pinakaimportante ang elemento ng malawak na kilusang masa para tunay na maging makapangyarihan ang pakikibaka laban sa korapsyon. Mananatiling makitid ang isyung Jose Pidal at malamang na mauwi lamang ito sa isa pang batuhan ng putik para sa susunod na eleksyon kung mananatili sa loob lamang ng Senado at nakasalalay sa mga ibinubuga ni Lacson at reaksyunaryong oposisyon. Mali ring mag-antabay na mas umabante pa ang kaso, hayaang lumampas ang init ng masa, at mabalaho ang isyu at laban sa mga ligal na teknikalidad at maniobrahan sa kongreso.

Mga tampok sa isyung ito...

Ang mga haharapin ni Arroyo bago ang 2004 PAHINA 3

Ka Amado V. Hernandez

PAHINA 9

Pulong ng WTO sa Cancun, bagsak PAHINA 10

Ang potensyal nitong magpatumba sa papet na rehimen at tumangay sa iba pang mga pangunahing reaksyunaryong paksyon sa burukrasyang sibil at militar ang nagbibigay ng kakaibang talas at timbang sa kasalukuyang isyu at pakikibaka sa korapsyon. Isang partikular na bentahe ito na dapat mahiqpit na panghawakan ng mga pwersang rebolusyonaryo at progresibo. Nararapat lamang na nasa unahan ngayon ng mga isyu ng korapsyon ang isyung Jose Pidal at korapsyon ng Unang Pamilya. Mahigpit na maikakawing sa mga ito ang kumukulong mga isyu ng kabulukan sa AFP-PNP gaya ng inilantad ng pag-aalsang Oakwood, gayundin ang pagsusulong ng kampanya laban sa kabulukan ng mga myembro ng qabinete ni Arroyo at korapsyon sa Customs, BIR, DPWH at iba pang ahensya ng gubyerno. Habang isinusulong ang kilusang protesta at kampanya laban sa mga ito, hindi rin dapat absweltuhin ni hayaang makapagmalinis ang iba pang malalaking mandarambong at mga kinamumuhiang pasistang kriminal sa hanay ng mga reaksyunaryong anti-Arroyo.

Upang hindi mabalaho sa re-

pormismo at hindi basta mapatahimik ng patse-patse at pakitangtaong mga pagbibigay ng mga nasa poder, ang pakikibaka sa korapsyon sa burukrasyang sibil at militar ay dapat mahiqpit na ikawing sa pakikibaka sa mas malalaki pang korapsyon sa pambansang patakaran gaya ng pasistang terorismo ng estado, interbensyong militar ng US, imperyalistang globalisasyon, at walang habas na panghuhuthot ng dayuhang monopolyong kapital at lokal na malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa sa masa at likas na yaman ng bansa. Kailangang igiit nito ang pagtanggal sa kapangyarihan ng mandarambong na naghaharing reaksyunaryong pangkatin at ang karampatang parusa sa lahat ng mapatutunayang nandambong. Kailangang sumulong ito sa pagtataguyod ng tunay at pundamental na mga pagbabago sa bansa at lipunan.

Ang pagpapalakas ng mga protestang masa at pagpapalawak ng hanay ng mga demokratikong uri at pwersang kalahok sa pakikibaka sa kabulukan sa gubyerno ang pinakamahalagang kagyat na tungkulin. Ilan sa mga partikular na hakbang

Sa paglakas ng mga protestang masa laban sa korapsyon, lalong mapapasigabo ang mga protestang sasalubong sa pagdating ni Bush.

na dapat gawin kaugnay nito ang mga sumusunod:

Matatag na pumwesto sa isyung Jose Pidal at korapsyon ng naghaharing pangkating Arroyo. Itaguyod ang puspusang pagsisiyasat sa bank account ni Jose Pidal at iba pang kaso ng korapsyon ng Unang Pamilya. Itaguyod ang pagpapatuloy at higit pang pagpapalawak ng imbestigasyon ng Senado, gayundin ang independyente at bukas na pang-uungkat at pag-usig sa korapsyon sa pamunuan ng gubyerno, militar at pulisya.

Palawakin at palakihin ang mga mobilisasyon at protestang masa. Kumbinahin ang marami at disentralisadong mga pagtitipon at aksyong protesta sa iba't ibang antas at saklaw, at ang malalaki't konsentradong protesta sa antas pambansa at rehiyunal. Kaugnay nito, kailangang paghandaan at biguin ang mga panansalang pananalakay at paglalansag ng papet na rehimen para pigilang makabwelo ang mga protestang masa.

Buuin, palawakin at patampukin ang mga alyansa at lider ng mga relihiyoso, iba't ibang propesyon, mga panggitnang elemento at kabataan laban sa korapsyon. Maaari silang nakatuon muna sa korapsyon o di kaya'y sa korapsyon kasabay ng panawagan sa pagpapatalsik sa papet na rehimeng Arroyo. Maaari ring may iba't ibang antas sila ng pagtuon sa iba pang tampok na isyu qaya ng pambobomba sa Mindanao, interbensyong militar ng US, impervalistang globalisasyon at iba pa. Bukod sa mga rali sa lansangan, pwede silang magsagawa ng

Taon XXXIV Blq. 16 Setvembre 21, 2003

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa

wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal: Palakasin ang kilusang protesta laban sa korapsyon	
at rehimeng US-Arroyo	1
Ang mga haharapin ni Macapagal- Arroyo bago ang eleksyong 2004	3
GMA: Desperadong kumakapit	
sa poder	5
Panunupil sa pamamahayag	6
Mga kaso laban sa mga Marcos:	
Paikut-ikot	8
Ka Amado V. Hernandez	9
Pulong ng WTO sa Cancun, bagsak	10
Mga opensiba ng BHB	12
Balita	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas iba pang tipo ng pagtitipon na makahihikayat sa partisipasyon ng malaking bilang ng mamamayan. Ang mahalaga'y makabig at mapalahok ang pinakamalawak na hanay ng mamamayan at mapalakas ang tinig ng mga pwersang progresibo at demokratiko.

Para patuloy na maisulong ang isyu at laban, maaaring makipaguqnayan sa reaksyunaryong oposisyon ang mga piling organisasyon. Pero magbigay ng prayoridad sa pag-ugnay at pakikipagtulungan sa mga oposisyunistang hindi kabilang ni pinakamalapit sa mga kilalang mandarambong at pasistang kriminal, qayundin sa mga nakaalyado sa EDSA 2 na dumidistansya na sa pangkating Arroyo o di kaya'y interesado sa puspusang imbestigasyon ng kasong Jose Pidal. Pinakamainam kung bukod sa mga sunud-sunuran sa Malakanyang at mga oposisyunistang kasuklamsuklam ay maengganyong magkusa at tumindig nang hiwalay ang mga lider sa kongreso na pwedeng higit na makaugnay at makatulong ng kilusang masa.

Mag-organisa at mag-engganyo ng mga pagsisiyasat at pagsisiwalat sa masmidya at sa publiko ng mga kaso ng korapsyon ng naghaharing rehimeng papet, gaya ng mga ulat ng paglalantad noong pakikibaka sa pasistang diktadurang Marcos at kampanya laban sa papet na rehimeng Estrada.

Patuloy na bigyan ng partikular na pansin ang paglalantad at pagtuligsa sa korapsyon ng matataas na upisyal ng AFP at PNP at ang pag-engganyo sa lahat ng sinserong upisyal at kawal na huwag pagamit at sa halip ay tumindig laban sa mga pinunong bulok, papet at antimasa.

Sa paglakas ng mga protestang masa laban sa korapsyon, lalong mapapasigabo ang mga protestang sasalubong sa pagdating ni Bush.

Ang mga haharapin ni Macapagal-Arroyo bago ang eleksyong 2004

ni Armando Liwanag Tagapangulo, Komite Sentral Partido Komunista ng Pilipinas Setyembre 12, 2003

ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang rebolusyonaryong partido ng proletaryado na nagtatayo ng



mga organo ng demokratikong gubyernong bayan at nagsusulong ng digmang bayan laban sa imperyalismong US at lahat ng lokal na naghaharing uri.

Pangunahing layunin ng PKP, Bagong Hukbong Bayan at National Democratic Front of the Philippines na wasakin at durugin ang kontrarebolusyonaryong estado ng malalaking kumprador at mga panginoong maylupa. Ngunit kailangang suriin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang krisis ng sistema at ang mga panloob na kontradiksyon sa pagitan ng mga reaksyunaryo upang itulak ang pagguho ng estado kaakibat ng pangunahing pagsisikap na wasakin ito.

Sa rebolusyonaryong balangkas sinusuri ng PKP ang lalim ng kasalukuyang krisis at mga kontradiksyon sa hanay ng naghaharing sistema at kinikilala ang posibilidad na maitutulak ng isang malawak na nagkakaisang prente ang pagpapatalsik o pagbibitiw ni Pres. Gloria Macapagal-Arroyo at ang paghalili sa kanya ni Bise Presidente Teofisto Guingona sa halip na ang pumalit ay isang military junta, civilian-military junta o anupamang pormasyong hindi katanggap-tanggap sa malawak na nagkakaisang prente at sa malawak na masa ng mamamayan.

Sa pagkilala ng PKP sa posibleng paghalili ni Guingona kay Maca-pagal-Arroyo, hindi nito binibitiwan ni bahagya o sa anumang paraan ang rebolusyonaryong misyon nitong itayo ang mga organo ng demo-kratikong gubyernong bayan at sa kalauna'y lubos na pawiin ang kontra-rebolusyonaryong estado. Paulit-ulit nang nailinaw ng PKP na habang hindi pa nito kayang wasakin ang reaksyunaryong estado, maaari nitong pahinain ito—hahayaan nitong maglabanan ang mga reaksyunaryong paksyon at bumagsak ang magkakasunod na mga reaksyunaryong pangkatin sa pamamagitan ng hambalos ng rebolusyonaryong kilusang masa.

Paborable ang obhetibong sitwasyon para sa pagsusulong ng digmang bayan. Ngunit hindi pa sapat ang lakas ng mga rebolusyonaryong pwersa para ibagsak ang reaksyunaryong estado. Sa karanasan, nagawa na ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng mga ligal na pwersang demokratiko na hikayatin, itaguyod at tulungang itayo ang malawak na nagkakaisang prente na nagpabagsak kay Marcos noong 1986 at kay Estrada noong 2001. Ang dalawang tampalasang ito'y hindi sana naibagsak kundi dahil sa konsensus ng malawak na nagkakaisang

prente na halinhan ni Aquino si Marcos at halinhan ni Macapagal-Arroyo si Estrada.

Maling hindi ibaqsak ng mga rebolusyonaryong pwersa ang naghaharing sistema kung mayroon na silang sapat na lakas na gawin ito. Subalit habang hindi pa ito kakayanin, mali ring magtangka, tulad ng ginagawa ng mga Trotskyista at iba pang estupido, na papaniwalain ang mamamayan na kaqyat na matatamo ang pagbagsak ng naghaharing sistema at kailangang tutulan ang paghalili ni Aquino kay Marcos, ni Macapagal-Arroyo kay Estrada at ni Guingona kay Macapagal-Arroyo sa katwirang ito'y paghadlang o paglihis sa nalalapit na tagumpay ng armadong rebolusyon.

Sa kasalukuyang katayuan, hindi pa sapat ang lakas ng mga rebolusyonaryong pwersa upang ibagsak ang naghaharing sistema. Maaaring sikaping buuin ng mga ligal na demokratikong pwersa ang isang malawak na nagkakaisang prente at alisin ang naghaharing pangkating Macapagal-Arroyo bago ang eleksyong 2004. Subalit kung isasaalang-alang ang kasalukuyang lakas ng mga rebolusyonaryong pwersa, hindi pa maqtataqumpay ang armadong rebolusyon na ibagsak ang buong naghaharing sistema bago, habang o kahit kagyat pagkatapos na mapatalsik si Macapagal-Arroyo.

Sa kasalukuyang kaayusan, mas mabuting palitan si Macapagal-Arroyo ni Guingona kaysa panatilihin sa poder ang kanyang naghaharing pangkatin o ilagay sa poder ang isang military junta, civilian-military junta o iba pang maiimbentong pormasyong hindi katanggap-tanggap sa malawak na nagkakaisang prente. Gayunman, sa ngayon, hindi basta-basta magagawa ang pagpapatalsik kay Macapagal-Arroyo.

Wala pang malakas na hanayan ng mga pwersang pampulitika na maihahambing sa malawak na nagkakaisang prente laban kay Marcos noong 1986 at laban kay Estrada noong 2001 na determinadong magpatalsik kay Macapagal-Arroyo. Pasadahan natin ang sitwasyon:

1. Idineklara ni Ambassador Ricciardone, tagapamahala ng US sa Pilipinas, na kailangang panatilihin sa poder sa anumang paraan si Macapagal-Arroyo. Mas gugustuhin pa ni Cardinal Sin at ng iba pang lider-simbahan, ng mga dating pangulong Aquino at Ramos, ng mga samahang negosyante at mga "sosyal-demokrata" sa Kompil na tapusin na lang ni Arroyo ang kanyang termino. Paulit-ulit nilang ipinapahayag ang pangamba sa madalas na pagpapalit ng rehimen

Ang panahon ay nasa panig ng rebolusyonaryong kilusan gaano pa man sikapin ng imperyalismong US at ng mga lokal na reaksyunaryo na magkaisa laban sa rebolusyonaryong kilusan at sa malawak na masa ng sambayanan.

sa labas ng reaksyunaryong prosesong elektoral.

- 2. Mahigpit na kinakastigo ng ilang upisyal at kasapi ng Council of Philippine Affairs at ng People's Consultative Assembly ang kasalukuyang rehimen ngunit nag-uurong-sulong sila sa usapin ng pagpapatalsik kay Macapagal-Arroyo. Tila kumukuha sila ng mga konsesyon mula sa rehimen at nagtatangkang pahinain ito dahil may pinapaboran silang mga nagbabalak tumakbo bilang presidente.
- **3.** May mga balitang nagkakampanya ang isang grupo ng mga upisyal militar na ibayong mas malaki kaysa grupong Magdalo ng Hulyo 27 para itakwil ang kasalukuyang

rehimen kasabay ng mga malawakang aksyong protesta. Ginagamit ng rehimen ang mga balitang ito para takutin ang mamamayan sa banta ng kudeta habang ginagamit ng oposisyon ang parehong mga ulat upang takutin ang rehimen.

- 4. Pinaiiqting ng kasalukuyang mga pangunahing pwersang oposisyon na tapat sa naghaharing sistema ang kanilang kampanya laban sa rehimen. Subalit batay sa lahat ng palatandaan, hangarin nilang ilihis ang atensyon ng mamamayan sa kanilang mga pananagutang kriminal, pangalagaan ang kanilang nakaw na yaman at siraan ang rehimen para makalamang sila sa eleksyon sa 2004. Nahaharap sila sa malalaking balakid sa kanilang hangaring matamo ang pampulitikang pagkawasak ni Macapagal-Arroyo.
- 5. Determinado ang mga ligal na pwersang demokratiko na itulak ang pagpapatalsik kay Macapagal-Arroyo subalit nag-iingat silang magkaroon ng tuwiran, hayagan at pormal na pakikipag-alyansa sa pinakanakasusukang mga oposisyunistang kinalaban nila sa nakaraan. Hangarin nilang paunlarin ang kanilang sariling lakas-masa at maglunsad ng mga hiwalay na aksyong masa, kahit pa kahilera ang mga ito o kasabay ng mga pagkilos na inilulunsad ng reaksyunaryong oposisyon.
- 6. Ang mga pwersa ng rebolusyonaryong armadong kilusan ay nagpupunyagi sa digmang bayan at sa gayo'y makapagpapalakas sa pamamagitan ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka at nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka anupaman ang mangyari sa ligal na larangan. Ang pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba ay makapagbibigay-inspirasyon at makapagpapalakas sa isang malawak na ligal na nagkakaisang

Sundan sa "Ang hinaharap...," pahina 5

GMA: Desperadong kumakapit sa poder

Parang bayawak na ayaw magpahila mula sa kanyang lungga." Ganito ang paghahambing na ginawa ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas sa pagmamatigas at desperadong pagkapit sa poder ni Gloria Macapagal-Arroyo sa harap ng lumalaganap at lumalakas na panawagan para sa kanyang

pagpapatalsik.

Sa panayam ng Ang Bayan, tinuligsa ni Ka Roger ang ala-Marcos na pambubuwag sa mga aksyong protesta na naggigiit na ilabas ang katotohanan tungkol sa kaso ng milyun-milyong pisong deposito ni "Jose Pidal" at nananawagan para sa pagpapatalsik kay Arroyo mula sa Malakanyang.

Kasalukuyang iniimbestigahan sa senado ang kasong kinasasang-kutan ni Miguel Arroyo, asawa ni Gloria, na pinaghihinalaang gumamit sa pangalang "Jose Pidal" upang itago ang milyun-milyong nakukulimbat ng mag-asawang Arroyo mula sa korapsyon at mga

kontribusyon sa nakaraang eleksyon. Dalawang linggo matapos ibulgar ni Sen. Panfilo Lacson ang kaso, lumitaw sa publiko si Ignacio Arroyo, na nagsabing siya si "Jose Pidal" upang pagtakpan ang kanyang kapatid.

"Nanginginig ang tuhod ni Gloria sa tuwing naririnig ang yabag ng mga nagmamartsang mamamayan at sa takot na tumungo ang kilusang anti-korapsyon sa isang higanteng pag-aalsa na magpapatalsik sa kanya sa poder." Ayon kay Ka Roger, ipinatutupad

ngayon ang patakarang "minimum tolerance" o hindi pagbibigay ng puwang sa mga demonstrasyon. Plano rin ng pulisya na gumamit ng rubber bullets laban sa mga demonstrador, ayon kay Gen. Ricardo de Leon ng PNP Community Relations Office. "Ang walang habas na pambabatuta ng mga pulis laban sa mga demonstrador ay pagsunod sa tuwirang utos mula sa

Malakanyang," ani Ka Roger. Nitong mga nagdaang araw, halos lahat ng rali sa Makati at Maynila ay marahas na binuwag ng mga pulis na nagresulta sa pagkasugat ng maraming mga demonstrador.

"Nagkakamali si Arroyo sa pagaakalang ang ganitong marahas na pagsupil sa mga demonstrasyon ay makapipigil sa lumalakas at lumalaganap na kilusan laban sa korapsyon. Habang lalong pinatitindi ni Arroyo ang pagsupil sa demokratikong karapatan ng mamayan na magtipon at magpahayag, lalo ring titindi ang kanilang kapasyahan na patalsikin si Arroyo sa poder," ani Ka Roger.

Binatikos din ni Ka Roger ang iba't ibang mga hakbangin at maniobra ni Arroyo na busalan ang ginagawang imbestigasyon tungkol sa mga kaso ng korapsyong kinasasangkutan nilang mag-asawa. Noong nakaraang linggo, ibinulgar ng ilang mga senador na pinepresyur sila ng Malakanyang na itigil na nila ang imbestigasyon sa kasong "Jose Pidal". Subalit tinutu-

Sundan sa "GMA...," pahina 6

kanya sa poder." Ayon kay Ka R
"Ang hinaharap...," mula sa pahina 4

prente laban sa nakaupong rehimen.

Subalit malaki rin ang puwang ng PKP na pabayaang maglaban-laban ang mga reaksyunaryo at samantalahin ang kanilang mga tunggalian kahit hindi pa muna ito sumuporta sa isang malawak na ligal na nagkakaisang prente na may sapat nang lakas na patalsikin ang kasalukuyang rehimen.

Hindi ito ang unang pagkakataon na maingat na tinitimbang ng pambansa-demokratikong kilusan ang tindig nito. Hindi pumanig ang kilusan sa rehimeng Aquino o sa oposisyong Enrile-RAM matapos ang pagpaslang kay Olalia noong Nobyembre 1986 at ang masaker ng mga magsasaka noong Enero 1987.

Sa kasalukuyang kalagayan, maaaring makapanatili sa poder si Macapagal-Arroyo hanggang sa pagtatapos ng kanyang termino. Ngunit di na siya mananalo pa sa eleksyong pampresidente sa 2004. Kung makapandaya man siya't ma-

gawang manalo, haharapin niya ang mga di malalagpasang balakid at mga makapangyarihang hamon sa kanyang paghahari dahil ang krisis ay lalala pa nang higit kaysa ngayon at lalo pa siyang kamumuhian ng malawak na masa ng mamayan.

Ang panahon ay nasa panig ng rebolusyonaryong kilusan gaano pa man sikapin ng imperyalismong US at ng mga lokal na reaksyunaryo na magkaisa laban sa rebolusyonaryong kilusan at sa malawak na masa ng sambayanan.

Tumitindi ang panunupil sa pamamahayag

Isa sa pinakamapanganib na lugar sa buong mundo ang Pilipinas para sa mga kagawad ng midya. Nitong Setyembre 6, nanguna ang Pilipinas (kasama ang Colombia) sa listahan ng mga bansang may pinakamaraming napaslang na mamamahayag ngayong taon nang patayin si Juan "Jun" Pala, isang brodkaster na dating isa sa pinakamasugid na anti-komunista at isa sa mga lider ng paramilitar na Alsa Masa. Nahikayat siyang magbago at mariin na siyang bumabatikos sa vigilantismo.

Pinasisinungalingan nito ang bukambibig ng mga bulag o nagbubulag-bulagan na ang Pilipinas umano'y isa sa may pinakamalayang midya sa Asia, kasabay din ng kanilang kasinungalingang ang Pilipinas ang pinakademokratikong bayan dito. Ang anim nang napapatay na mamamahayag sa bansa ngayong taon ay ilan lamang sa 49 na tagamidya na pinaslang mula 1986. Labintatlo sa kanila ay pinatay sa panahon ng rehimeng Arroyo. Biktima sila ng militar, pulisya, private army ng mga pasista at tiwaling pulitiko, mga sindikatong kriminal at mga vigilante.

Hanggang ngayon ay wala ni isa



sa mga kasong pagpatay na ito ang nabigyan ng katarungan. Nagpapakita ito ng kawalang-interes ng reaksyunaryong gubyerno na lutasin ang naturang mga krimen at pawiin ang panunupil sa midya.

Noong Enero, nagpahayag ng pagkabahala ang Amnesty International (AI) sa nagaganap na paglabag sa karapatan ng mga mamamahayag sa bansa. Sa partikular, nanawagan ang AI sa rehimeng Arroyo na imbestigahan ang pagpatay kina Benjaline Hernandez, Edgar Damalerio at Sonny Alcantara at huwag gipitin ang mga kamag-anak, kaibigan at testigong nais tumulong sa paglutas sa kanilang mga kaso.

Ang panunupil sa midya ay mala-

on nang instrumento ng naghaharing reaksyunaryong estado at sistema para ipagkait sa mga mamamahayag ang karapatang isiwalat at batikusin ang mga kasamaang nangyayari sa bayan at ipagkait din sa mamamayan ang karapatang malaman ang katotohanan. Batid ng estado at ng mga pasista na kapag namulat ang mamamayan sa katotohanan, ito ang unang hakbang tungo sa paglulunsad nila ng mga mapagpasyang aksyon para sa pagbabago.

Tampok na paraan ng panggigipit sa midya ang pagsasampa ng kasong libelo sa sinumang *reporter* at patnugot na nagsisiwalat ng

Sundan sa "Tumitindi...," pahina 7

"GMA...," mula sa pahina 5

tulan ng mga senador ang presyur na ito ng Malakanyang sa harap ng mas malakas na panawagan na ituloy ang imbestigasyon at pagnanais ng mamamayan na malaman ang katotohanan tungkol sa kasong "Jose Pidal".

Bago ito, iginiit ni Ignacio Arroyo ang kanyang karapatan sa "privacy" o karapatang hindi ibulgar sa publiko ang kanyang pribadong buhay at mga negosyo. Dahil malinaw kahit sa bulag ang mga gustong pagtakpan ni Ignacio Arroyo lalo lamang napaghahalata na maraming itinatagong katiwalian ang magkapatid at mag-asawang Arroyo.

Samantala, nagkukumahog si Gloria Arroyo na ku-

nin ang suporta ng US. Naghahanda ito ngayon ng magarbong salubong sa pagdating ni Presidente George W. Bush ng US sa darating na Oktubre 18. Muling pinatatampok ni Arroyo ang kanyang walang kahihiyang pagkatuta sa US at bulag na pagsuporta sa pananalakay ng US sa Iraq at Afghanistan at sa lumalalim at lumalaganap na armadong interbensyon ng US sa Pilipinas.

Ayon kay Ka Roger, nais ni Arroyo na gamitin ang darating na pagbisita ni Bush upang basbasan ang pananatili niya sa poder at pagtibayin ang kanyang balak na tumakbo sa darating na halalan. "Nais ni Arroyo na ipakita kay Bush na sa lahat ng tuta ng imperyalismong US, siya pa rin ang karapat-dapat na suportahan ng imperyalismong US."

katiwalian, panunuba, karahasan at iba pang kabulukan. Kamakailan lang, walong tagamidya ang kinasuhan ng libelo ni Luis "Cito" Lorenzo, kalihim ng Department of Agriculture (DA) at kaibigan ng may-ari ng Tagum Development Co. (TADECO), dahil sa paglalabas nila ng serye ng mga artikulo noong 2000 laban sa mapaminsalang epekto ng pestisidyong ginagamit ng kumpanya. Dati nang ibinasura ng korte ang kasong isinampa ng TADECO laban sa mga mamamahayag subalit ngayong taon ay

ginamit ni Lorenzo ang kanyang pusisyon bilang kalihim ng DA para muling buhayin ang kaso.

Naipasara na rin ang isang istasyon ng radyo na bantog sa pagbatikos sa tiwali at mapaniil na mga upisyal. Noong Pebrero 2002, ipinasara ng dinastiyang Dy ang Bombo-Radyo sa Cauayan, Isabela dahil sa tuluy-tuloy nitong paglalantad at pagtutol sa mga antimamamayang proyekto ng mga Dy. Mas masahol pa ang naganap nitong Hulyo 1 sa Baggao, Cagayan nang pinagtataga ng mga elemento ng 41st IB ang tatlong lidermagsasaka na kagagaling lamang

sa groundbreaking ng isang radyong pangkomunidad na pangangasiwaan ng CAGUIMONGAN, isang progresibong alyansang magsasaka sa prubinsya.

May espesyal na diin ang militar at pulisya sa panggigipit sa mga tagamidyang nagbabalita ng mga pahayag ng mga kalaban ng estado sa layuning pagkaitan ng puwang ang mga ito na makapaglabas ng palagay sa mahahalagang isyu. Isa sa pinakahuling kaso ng harasment ang pagbubunganga at pagbabanta ni Gloria Arroyo kay Tina Panganiban-Perez, reporter ng Channel 7, dahil sa pag-interbyu niya kay Sen. Gregorio Honasan, na pinararatangang utak ng bigong kudeta noong Hulyo 27.

Muling nalantad sa mga kasong ito ang masinsing pagmamanman ng pulisya at militar sa lahat ng mamamahayag na pinagsususpetsahang may ugnay sa mga kaaway ng estado. Inamin ito mismo ni Hermogenes Ebdane Jr., hepe ng pulisya. Nang igiit ng mga tagamidya ang karapatan nilang malaman kung sinu-sino sa kanila ang ipinaiilalim sa surbeylans, animo'y nangungutyang isinagot ni Ebdane na "Tanungin n'yo ang sarili, may kontak ba kayo sa mga rebeldeng New People's Army?"

Tiyak na titindi pa ang mga kaso ng harasment at pamamaslang sa mga mamamahayag habang desperadong nagpupumilit ang naghaharing sistemang makaahon sa krisis at ipreserba ang sarili. Kailangang militante at organisadong harapin ito ng midya.

Dahil ang pagsupil sa midya ay salamin lamang ng mas malawa-kang panunupil ng reaksyunaryong estado at sistema sa nakikibakang mamamayan, kailangang iugnay ng mga mamamahayag ang kanilang pakikibaka sa pakikibaka ng naka-raraming mamamayang pinagkakaitan ng kanilang mga pampulitika at pang-ekonomyang karapatan.

Humahabang listahan ng mga biktima

Si Benjaline Hernandez ang namumuno sa tsapter ng College Editors Guild of the Philippines sa Timog Mindanao nang patayin siya ng mga elemento ng 12th Special Forces ng Philippine Army noong Abril 2002 sa North Cotabato. Nananaliksik siya noon hinggil sa mga pang-aabusong militar. Pinawalang-sala na ng gubyerno ang mga responsable sa kanyang pagkamatay. Si Edgar Damalerio ay komentarista sa radyo at editor ng lingguhang *Zamboanga Scribe* nang barilin siya noong Mayo 2002 ng isang upisyal ng pulis. Nananatiling malaya ang upisyal mula nang makatakas ito. Binaril naman noong Agosto 2002 si Sonny Alcantara pagkatapos nitong batikusin ang isang lokal na upisyal sa San Pablo, Laguna. Wala pang kinahihinatnan ang kanyang kaso.

Nitong 2003 ay apat na beses na nanawagan ang International Federation of Journalists (IFJ) kay Arroyo na bigyan ng katarungan ang pagpatay sa mga mamamahayag sa bansa subalit nagbingibingihan lamang si Arroyo. Tinukoy ng IFJ ang pagpatay nitong Agosto 20 kay Rico Ramirez, reporter, cameraman at spinner ng DXSF, isang istasyon ng radyo sa San Francisco, Agusan del Sur. Kilala si Ramirez sa kanyang matitinding batikos laban sa krimen at mga sindikato ng droga sa kanilang lugar. Natagpuan siyang nakahandusay at nag-aagaw-buhay ilandaang metro lamang mula sa pinagtatrabahuan niyang istasyon. Dalawang araw bago ito, pinatay naman si Noel Villarante, isang komentarista sa radyo sa Laguna na kilala rin sa kanyang maririing pagbatikos sa mga anomalya. Noong Hulyo 8, kasabay ng inagurasyon ng Garden of Heaven Memorial Park sa La Paz, Tarlac, pinatay si Bonifacio Gregorio, kolumnista ng *Dyaryo* Banat ng Tarlac. Kabilang sa matindi niyang binatikos sa pahayagan ang korapsyon sa gubyerno, negosyo sa droga at iligal na kumbersyon ng mga bukirin ng mga magsasaka para gawing komersyal na memorial park. Pag-aari ng meyor ng La Paz ang naturang memorial park. Noong Abril 28, pinatay sa Camalig, Albay ang progresibo at matapang na brodkaster na si Johnny Villanueva Jr.

Paikut-ikot

Walang pinatutunguhan ang mga kaso ng pamilyang Marcos sa reaksyunaryong husgado

inugunita ngayon ng milyun-milyong mamamayan ang ika-31 anibersaryo ng deklarasyon ng batas militar sa Pilipinas. Tatlumpu't isang taon na ang nakalilipas ngunit patuloy pa ring ipinagkakait sa libu-libong biktima ng paglabag sa karapatang-tao ng diktadura ang bayad-pinsalang nararapat sa kanila at kanilang mga pamilya.

Nitong huling mga buwan, naging sentro ng matinding pagbatikos ang pagmamaniobra ng pamilyang Marcos, katuwang ang mga kakutsaba nila sa kongreso, na palabnawin ang panukalang magtitiyak sana na mababawi ng mga biktima ang nakaw na yaman ng diktador. Isa sa mga walang kahihiyang nakikipagkutsaba si Rep. Loretta Ann Rosales ng repormistang Akbayan na siyang pormal na naghapag ng panukalang ilaan ang nakaw na yaman ng mga Marcos hindi na lamang sa mga biktima ng diktadura kundi pati ng mga sumunod na rehimen.

Ang pagsasalubungang ito ng mga kontra-mamamayang interes ng pamilyang Marcos at ng mga repormista ay lalong nagpapalabo sa pag-asang mababawi ang mga nakaw na yaman ng mga Marcos at makakamit ang hustisya para sa mga biktima ng pasistang diktadura sa malapit na hinaharap. Dagdag pa ito sa makupad na takbo ng mga kaso laban sa mga Marcos na maiuugat sa kawalang-kapasyahan ng reaksyunaryong gubyerno na ipursige ang pagbawi sa mga nakaw na yaman.

Wala ni isa sa mga rehimeng Aquino, Ramos, Estrada at Arroyo ang seryosong nagsikap na ibalik sa bayan ang kinulimbat ng mga Marcos. Bagkus, hinadlangan pa ito ng magkakasunod na rehimen. Halos dalawang dekada na mula nang bumagsak ang diktadurang Marcos. Subalit halos wala pa ring iniuusad ang mga kasong isinampa

ng gubyerno laban sa kanila.

Ilang kasong kriminal na laban sa mga Marcos ang pinawalang-saysay ng Ombudsman. Ilang mosyon na rin ang inihapag ng Ombudsman upang iurong ang ilan sa mga kasong nakasampa na sa korte. Ibinasura na ng Sandiganbayan ang ilan sa mga ito.

Sa ngayon, 11 kaso na ang naibasura, apat ang tumutungo sa pag-abswelto sa mga Marcos at walo pa ang kasalukuyang nakasampa. Noong 1993, nahatulang nagkasala si Imelda Marcos sa dalawang kaso, ngunit binaligtad rin ng Korte Suprema ang

hatol noong

1998.

Apat na kasong isinampa noong 1995 kaugnay ng mga halagang itinago ng mga Marcos sa ilalim ng limang foundation bilang mga prente ang ibinasura ng Sandiganbayan dahil sa kawalan umano ng ebidensya. Nang atasan ng korte na kalapin at ilabas ang kanilang mga ebidensya, "nagkasundo" ang Presidential Commission on Good Government, Department of Justice at Office of the Solicitor General na iurong na lamang ang tatlo sa mga kaso.

Habang patuloy ang paikut-ikot na palabas sa reaksyunaryong hukuman, buong kawalang-hiyaan namang pumasok ang gubyerno sa mga pakikipagtawaran sa pamilya ng yumaong diktador nitong mga nakaraang taon. Humantong na ang mga ito sa sarisaring kasunduang lingid sa kabatiran ng publiko. Tatlumpu't pito nang mga compromise agreement ang nabuo sa pagitan ng reaksyunaryong gubyerno at mga Marcos, ayon sa PCGG noong 2001.

Patuloy din ang pagmamaniobra ng mga Marcos at kanilang mga kasabwat para mapanatili sa kanilang kontrol ang kanilang mga ninakaw. Noong Agosto 19, dumating sa bansa ang abugadong Swiss ng mga Marcos na si Patrick Foetish upang maghabol sa desisyon ng Korte Suprema na ilipat sa kontrol ng gubyerno ng Pilipinas ang \$683 milyong deposito ng mga

> Marcos sa mga bangkong Swiss. Nito namang Setyembre 2, nagtagumpay ang kanilang mga abugado, kasabwat si Robert Swift, oportunistang abugado ng Claimants

> > 1081, na idiskaril ang takbo ng kaso kaugnay ng mga paglabag sa karapatang-tao sa g diktadura. Kinasah-

wat nila si Judge Manuel Real ng Hawaii US District Court na naglabas ng kautusang huma-

hadlang sa implementasyon ng naturang desisyon ng Korte Suprema. Ang korteng Amerikano ring ito ang nag-utos noong 1994 na bayaran ng mga Marcos ang mga biktima.

Habang harap-harapan ang pagpapakainutil ng magkakasunod na rehimen at pagpapakana ng pamilyang Marcos, determinado ang mga demokratiko at progresibong pwersa na isulong ang laban para mapanagot sa hustisya ang mga

Sundan sa "Paikut-ikot...," pahina 9

Komunista, lider manggagawa, makata, nobelista at peryodista

Titong Setyembre 13, ipinagdiwang ang ika-100 taong kapanganakan ni Ka Amado V. Hernandez. Isa siyang mahusay na komunista, mamamahayag, makata at nobelista. Isa siyang dakilang bayani at lider ng kilusang paggawa sa bansa.

Ipinanganak si Ka Amado sa Tondo, Maynila noong 1903. Pinamatnugutan niya ang pahayagang Mabuhay sa edad na 32. Naging patnugot din siya ng mga pahayagang Mabuhay, Pilipino, Sampagita, Weekly at Mabuhay Extra.

Buhay na buhay na pinapaksa sa karamihan ng mga sulatin ni Ka Amado ang hinggil sa kaapihan at pakikibaka ng uring manggagawa dahil siya ay isang lider obrero at militanteng nangunguna sa pakikibaka ng kilusan sa paggawa.

Sumapi si Ka Amado sa mga pwersang gerilya sa Sierra Madre nang pumutok ang Ikalawang Digmaang Pandaiqdiq. Pagkatapos ng digmaan, kasama ni Ka Amado si Cipriano Cid (isang manunulat, abugado at lider obrero) sa pagtatag ng Philippine Newspaper League (PNL)—isang unyon ng mga mamamahayag noong 1945. Sa taon ding ito itinatag ang Congress of Labor Organizations (CLO), ang pinakamalaki at pinakamilitanteng pederasyon ng mga unyon mula 1945-1951. Kasama ni Ka Amado sa pagbubuo nito sina Mariano Balgos, Guillermo Capadocia, Pedro Castro, Felixberto Olalia at Cipriano Cid.

Nahalal si Ka Amado bilang isa sa mga pangalawang pangulo ng CLO noong 1945 at tagapangulo mula 1947 hanggang sa nadakip siya ng militar noong 1951. Mahu-

say niyang pinamunuan ang pederasyon sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga pakikibaka at mga kapakanan ng mga manggagawa at paglaban sa imperyalismong US.

Sinupil ng mga rehimeng Roxas at Quirino ang nabuong bagong pagkakaisa at pakikiba-

ka ng mga manggagawa. Sa malawa-kang kampanya laban sa militanteng unyonismo ng reaksyunaryong estado, isa si Ka Amado sa mga lider-manggagawa na hinuli at kinasuhan ng rebelyon. Mula Enero 26, 1951, limang buwang *incommunicado* si Ka Amado sa Camp Murphy (Camp Aguinaldo na ngayon), bago sinampahan ng kasong "rebellion complexed with other crimes." Nahatulang mabilanggo si Ka Amado nang limang taon at anim na buwan.

Hindi nasikil ng di makatarungang pagkakabilanggo ang makauring pagsusulat ni Ka Amado. Sa loob ng bilangguang ito kung saan sinabi ni Ka Amado na "ang buhay ay naging patay" kinatha niya ang dalawa sa mga itinuturing na pangunahing obra maestra niya—Isang Dipang Langit at Panata sa Kalayaan.

Pansamantalang nakalaya si Ka Amado noong 1956. Pagkatapos ng siyam na taong pakikibaka sa korte, pinawalang-saysay ng Korte Suprema noong Mayo 31, 1964 ang kanyang kaso. Naging bantog ang kapasyahang ito bilang "Hernandez Doctrine."

Nagpatuloy sa pagsusulat si Ka Amado nang siya ay makalaya. Pinamatnugutan niya ang *Taliba* (1962-1967) at ang mga progresibong pahayagang *Makabayan* at *Ang Masa* (1969-1970).

Iba't ibang porma ng panitikan ang naisulat ni Ka Amado—nobela, dula, maikling kwento, sanaysay, tula, at ulat (reportage). Dalawa sa kilalang nobela niya ay ang Ibong Mandaragit (1969) at Luha ng Buwaya (1963). Produkto ang mga ito ng kanyang mga karanasan sa loob ng bilangguan.

Hindi lamang naging talaan ang kanyang mga akda ng mga pangyayari sa kanyang panahon kundi sumasalamin din ang mga ito ng masidhing pagnanais ng mga uring inaapi at pinagsasamantalahan para sa tunay na kalayaan at

Sundan sa "Ka Amado...," pahina 10

"Paikut-ikot...," mula sa pahina 8

kriminal. Hindi kailanman maaaring palampasin ang sabwatan ng mga pwersang anti-mamamayan na baligtarin ang hatol ng kasaysayan. Subalit lampas sa ligal na larangan at walang katumbas na halaga ang hinihingi ng mga biktima. Sa kahuli-hulihan, tanging ang rebolusyonaryong kilusan ang puspusan at pinal na makapagpaparusa sa pamilyang Marcos at mga kroni nila.

Pulong ng WTO sa Cancun, bagsak

Sa harap ng papatinding krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, lalong nagiging desperado ang mga imperyalistang bansa na pag-ibayuhin ang pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan at mga bansa sa buong daigdig. Kasabay nito, lalong tumitindi ang paglaban ng proletaryo at mga mamamayan sa imperyalistang globalisasyon at sa pangwawasak nito sa kanilang buhay at kabuhayan.

Toong Setyembre 10-14, idinaos sa Cancun, Mexico ang ikalimang Ministerial Meet na dinaluhan ng mga kinatawan mula sa 149 na bansang kasapi ng World Trade Organization. Katulad ng mga naunang pagpupulong sa Seattle, USA (1998) at Doha, Qatar (2001), walang ibinunga ang pagpupulong.

Umani ang pulong sa Cancun ng matitinding batikos at pagkundena mula sa mamamayang sawang-sawa na sa pambabraso ng mga imperyalistang bansa. Nang ideklarang bagsak na ang pulong, ipinagdiwang ito ng mga nagpuprotesta bilang tagumpay ng pandaigdigang kilusang anti-globalisasyon at palatandaan ng pagsidhi ng krisis at mga kontradiksyong kinasasadlakan ng imperyalismo.

Makaisang-panig na liberalisasyon. Sa pagpupulong, walang kahihiyang itinulak ng mga imperyalistang bansa ang ibayong pagpapababa ng mga taripa sa mga produktong agrikultural sa mga "umuunlad na bansa" habang mahigpit na pinuproteksyunan ang sariling mga ekonomya. Nagmatigas ang US at EU laban sa pagpapababa ng malalaking subsidyong nakalaan sa agrikultura na ginagamit nila upang

mabigyang-bentahe sa kalakalan ang kanilang mga produkto.

Higit pa sa 10% ng gastos sa produksyon sa agrikultura ang sinusubsidyuhan ng mga gubyerno ng mga kapitalistang bansa. Isang matingkad na halimbawa ang Japan kung saan 700%

ng gastos sa produksyon ang ibinibigay ng gubyerno sa mga may-ari ng mga sakahan at negosyo sa bigas. Ang European Union ay naglalaan ng \$100 bilyon taun-taon para sa mga sakahang nagpoprodyus ng asukal, harina at gatas. Kung pagsasamahin, umabot sa \$320 bilyon ang ibinigay ng US at Europe na subsidyo sa kani-kanilang sektor ng agrikultura.


Pangunahing nakikinabang sa mga subsidyong ito ang mga imperyalistang korporasyon sa agrikultura. Noong 2002 sa US, mahigit 65% ng mga subsidyo ay nilamon ng 10 pinakamalalaking plantasyon at korporasyon sa agrikultura.

Dulot nito, bumabagsak ang eksport ng mga atrasadong bansa sa

halagang \$40 bilyon taun-taon. Dagdag pa rito ang mahigit \$24 bilyong taunang pagkalugi ng mga magsasaka dala ng pagkakawasak ng kanilang produksyon dulot ng mga importasyon mula sa mga imperyalistang bansa. Sa harap nito, may gana pa ang

mga imperyalistang bansa na ipagpilitan ang lubusan nang pagpawi sa kakarampot at di signipikanteng subsidyo sa mga magsasaka sa mga atrasadong bansa.

Sundan sa "Pagpupulong...," pahina 11



demokrasya. Aniya sa "Bartolina": "Sa aking piita'y hindi pumupurol ang lumang panulat,/ bawat isang titik, may tunog ng punlo at talim ng tabak."

Patunay ng kahusayan sa panunulat ni Ka Amado ang maraming mga parangal na iginawad sa kanya—Commonwealth Award (1939 at 1940) para sa koleksyon ng mga tulang *Kayumanggi*. Noong 1958, iginawad sa kanya ng National Press Club ang Certificate of Merit para sa 25 taong pag-alagad sa larangan ng peryodismo. Nagtamo rin siya ng parangal sa tulang "Isang Dipang Langit" sa pamamagitan ng Cultural Heritage Award. Tulad ng kanyang asawang si Honorata "Ka Atang" de la Rama—ang Reyna ng

Sarswelang Pilipino—iginawad kay Ka Amado ang National Artist Award pagkamatay niya.

Bilang kasapi ng lumang Partido, isa si Ka Amado sa mga tumulong upang mailunsad ang Unang Kampanya ng Pagtutuwid ng mga Kamalian ng lideratong Lava at Taruc at ang muling pagtatatag sa Partido Komunista ng Pilipinas noong Disyembre 26, 1968.

Nitong Setyembre 13, sa pangunguna at pangangasiwa ng Amado V. Hernandez Resource Center ay idinaos ang gabi ng parangal kay Ka Amado sa pamamagitan ng pagbabasa ng kanyang mga tula at pagtatanghal ng mga makabayang awitin.

Patuloy na inspirasyon ng mga komunistang manunulat si Ka Amado bilang militanteng alagad ng sining at organisador ng masang anakpawis.

"Pagpupulong..." mula sa pahina 10

Kung tatanggalin ang dambuhalang mga subsidyo ng mga kapitalistang bansa sa kani-kanilang sektor sa agrikultura, kikita ng dagdag na \$120 bilyon ang mga magsasaka sa mga atrasadong bansa. Mas malaki ito nang tatlong beses kung ihahambing sa pampalubagloob na taunang badyet na pangayuda ng mga kapitalistang bansa.

Liberalisasyon sa Pilipinas. Patuloy na idinidikta ng US at EU ang patakarang liberalisasyon sa agrikultura sa kabila ng naghuhumiyaw na katotohanang walang napapala rito ang mga atrasadong bansa kundi ang pagkawasak ng kanilang kabuhayan at pwersa sa produksyon.

Isang taon pa lamang matapos pumasok sa WTO ang Pilipinas, agad bumagsak ang kalakalan sa agrikultura at lumobo ang depisit nito tungong \$5.2 bilyon mula sa naitalang \$1.3 bilyong sarplas noong 1994. Sa halip na makalikha ng mga bagong trabaho, mahigit 719,000 ang agad na nawala. Nagtuluy-tuloy ito hanggang 2000 kung saan umabot sa dalawang milvon ang nawalan ng trabaho sa kanayunan. Nitong huling dalawang taon lamang, dumagdag sa talaan ang 1.3 milyong magsasaka, mangingisda at iba pang maralita sa kanayunan na nawalan ng trabaho dulot ng liberalisasyon sa agrikultura.

Pinapatay ng liberalisasyon ang lokal na produksyong agrikultural dulot ng walang rendang pagtatambak dito ng mga imperyalistang bansa ng kanilang mga sobrang produkto. Sa gayon, nauwi ang Pilipinas sa ibayong pag-aangkat habang patuloy pang bumabagsak ang eksport nito ng mga produktong agrikultural. Noong 1995, habang bumagsak ang presyo ng mais nang sangkatlo, lumaki ang importasyon

Mga protesta laban sa adyenda sa Cancun, tagumpay

NAGSAYAWAN, nagkantahan at nagdiwang ang libu-libong mga demonstrador sa Cancun, Mexico nang matapos ang kumperensya roon nang walang naabot. Apat na araw nilang matapang na hinarap ang daandaang militar at pulis na idineploy ng gubyerno ng Mexico upang tiyakin na hindi sila makalalapit sa lugar na pinagdausan ng kumperensya. Umabot sa 10,000 aktibistang kontra-globalisasyon ang nagtipon doon.

Sa ikalawang araw ng protesta, walang awang pinagpapalo at tinirgas ng mga pulis na *anti-riot* ang ilandaang demonstrador na nagpupumilit makalusot sa sampung kilometrong harang at makapal na pwersang panseguridad sa sentro ng pinagdadausan. Dalawa ang nasugatan sa mga nagpoprotesta.

Naglunsad noong Setyembre 13 ng "pandaigdigang pag-aalsa" laban sa WTO ang International League of People's Struggle (ILPS) at Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-International Chapter. Sa araw ding iyon, lumahok sa "Worldwide Day of Action Against Corporate Globalization and War" ang 31 grupo at organisasyon sa iba't-ibang bahagi ng mundo.

Isang malagim namang protesta ang ginawa ni Lee Kyang Hae, 55 taong gulang na lider ng Federation of Farmers and Fishermen ng South Korea nang saksakin nito ang sarili hanggang mamatay. Ang pagbuwis ng sariling buhay ni Lee, ayon sa isa pang lider magsasakang Korean, ay nagsasalamin ng pakikipaglaban ng 3.5 milyong magsasaka sa South Korea.

nito nang 520%. Bumagsak ang mga presyo at produksyon ng palay habang lumaki ang importasyon ng bigas nang 540%. Mula 1995-2000, lumaki nang 300% ang mga inaangkat na gulay at iba pang produktong agrikultural.

TULAD ng inaasahan, isa ang Pilipinas sa mahiqpit na tumalima sa mga dikta ng amo nitong imperyalismong US. Sa pangunahin, pakitang-tao lamang ang asta ng rehimeng Arroyo para sa "renegosasyon" ng ilang probisyon sa gawa nang mga kasunduan. Kunwa'y nagmamatigas ito laban sa pagbaba ng mga taripa at para sa pagpapababa sa ibinibigay na subsidyo ng mga impervalistang bansa sa sektor ng agrikultura. Dala nito, nakisakay ang rehimeng Arroyo sa G20 isang alyansa ng 20 bansang mariing tumututol sa mga dikta ng US at EU. Sa kabilang banda, damangdama rin ng rehimen ang pagbagsak ng kita nito dulot ng adelantado at dramatikong pagbagsak ng koleksyon ng taripa matapos hangal na nagboluntaryong magbaba ng taripa nang mas maaga kaysa ibang bansa. Isa ito sa mga dahilan ng paglaki ng depisit sa pambansang badyet at pagsahol ng krisis sa pangungutang ng bansa.

Sa kahuli-hulihan, mas sumasandig pa rin ang rehimen sa mga kunsesyon at mumong maaaring ipagkaloob ng mga among imperyalista. Patuloy ang pagpapatupad nito sa lahat ng dikta ng WTO sa kabila ng mga retorikang binitiwan nito sa Cancun. Pinatutunayan ito ng patuloy na pagtutulak sa mga pagbabago sa konstitusyon para lalong paluwagin ang pagpasok at dominasyon ng dayuhang monopolyong kapital at kalakal sa bansa.



Istasyon ng pulisya sa Ilocos Sur, sinalakay

HINDI bababa sa pitong M16 ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nang salakayin nila ang himpilan ng pulisya sa Santa Lucia, Ilocos Sur bago maghatinggabi nitong Setyembre 15.

Nakipagpalitan ng putok ang walong elemento ng pulis na nasa istasyon. Ngunit makaraan ang dalawampung minuto, napilitan silang sumuko sa BHB. Dalawa sa kanila ang patay, lima ang sugatan at isa ang tumakbo. Pagkatapos mapasok ang armori ng pulisya, sinunog ng BHB ang himpilan at ang nakaparadang sasakyan ng pulis.

Samantala, noong Setyembre 6 ng gabi ay sinalakay ng BHB ang munisipyo ng Esperanza, Masbate. Isang kompyuter ang nakumpiska.

Mga sundalo tinambangan sa Isabela

TATLONG elemento mula sa nagooperasyong mga tropa ng Alpha Coy ng 45th IB ang namatay at marami pang iba ang nasugatan nang tambangan sila ng pwersa ng BHB-Venerando Villacillo Command nitong Setyembre 7 sa Palacian, San Agustin, Isabela.

Ito ang pagtutuwid ni Ka Delio Baladon, tagapagpahayag ng Benito Tesorio Front, sa kasinungalingang iniulat sa masmidya ni Gen. Samuel Bagasin, kumander ng 5th ID, na walang pinsalang natamo ang AFP at hindi raw ambus ang naganap kundi engkwentro. Ani Baladon, nakita mismo ng mga sibilyan sa lugar na binubuhat ng mga sundalo ang tatlong patay at maraming sugatang sundalo.

Huwad na pagpapasurender sa Negros, kinundena

PINABULAANAN ng Roger Mahinay Front (RMF, larangang gerilya sa timog-kanlurang Negros) ang balita na 11 mandirigma ng BHB mula sa kanilang larangan ang sumurender sa kaaway nitong Setyembre 12. Sa isang pahayag nitong Setyembre 14, sinabi ni Nilo Magtanggol, tagapagsalita ng RMF, na mga ordinaryong magsasaka lamang ang mga ipinresentang surenderi nina Col. Jeffrey Sodusta ng 303rd Bde at ni Gob. Joseph Marañon ng Negros Occidental sa kapitolyo ng prubinsya sa Bacolod City.

Hindi ito ang unang pagkakataon na binaluktot ng kaaway ang mga tunay na pangyayari, ani Magtanggol. Ibinunyag niya na dalawang elemento ng composite team ng Scout Rangers, Philippine Army at RPA-ABB ang namatay at dalawa ang sugatan nang maka-engkwentro nila ang mga Pulang mandirigma noong Agosto 17 sa Sityo Mambut-oy, Barangay Locotan, Kabankalan City. Walang pinsala ang BHB. Kabaligtaran ito ng ibinalita ng kaaway na maraming nalagas sa hanay ng BHB at walang natamong kaswalti ang mga tropang militar.

Bago ito, iniulat din ng militar bilang engkwentro ang istraping na ginawa ng mga sundalo laban sa mga sibilyan sa Sityo Buyog, Barangay Nabulao, Sipalay City noong Hunyo 22.

Martir pinarangalan sa Cagayan Valley

PINARANGALAN ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa sa Cagayan Valley si Valeriano "Nonoy" Susa, isang kadre ng Partido Komunista sa rehiyon na namatay sa sakit na lukemya nitong Agosto 30.

Si Susa, na nakilala bilang Ka Gani, Ka Diego at Ka Dasig, ay kagawad ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Hilagang Silangang Luzon at namumunong kadre ng Venerando Villacillo Command at Benito Tesorio Front ng BHB bago siya namatay.

Dinakip si Susa ng mga elemento ng 5th ID at PNP noong Hulyo habang nagpapagamot sa Cagayan Valley Medical Center sa Tuguegarao City. Maghapon at magdamag siyang ininteroga, pinanatiling nakaupo, di pinayagagang matulog at di pinainom ng gamot kahit alam ng kaaway na terminal na ang kanyang karamdaman.

Sa kabila nito ay nagpakita ng katatagan si Susa. Nakatakas siya pagkatapos ng ilang araw at muling nakaugnay sa mga kasama. Inilipat siya sa isang pagamutan sa Metro Manila kung saan niya nakapiling ang kanyang mga kasama at kamag-anak sa kanyang mga huling sandali.

NDFP nagpugay kay Bishop La Verne Mercado

NAGPUGAY ang *negotiating panel* ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa alaala ni Bishop La Verne Mercado, Pangkalahatang Kalihim ng National Council of Churches of the Philippines (NCCP). Namatay si Bishop Mercado noong Hulyo.

Sa isang pahayag noong Hulyo 24, pinarangalan ng NDFP si Bishop Mercado dahil sa kanyang matapang na paglaban sa diktadurang Marcos at mainit na pagsuporta sa mga bilanggong pulitikal at iba pang biktima ng paglabag sa karapatang-tao.

Anang NDFP, ipinakita ni Bishop Mercado na ang mga taong simbahan ay dapat manindigan para sa mga inaapi at pinagsasamantalahan at makiisa sa kanilang pakikibaka laban sa inhustisya.



Taon XXXIV Blg. 16 Setyembre 21, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Palakasin ang kilusang protesta laban sa korapsyon at rehimeng US-Arroyo

Komiteng Tagapagpaganap-Komite Sentral Partido Komunista ng Pilipinas

Pinakulo ng isyung Jose Pidal ang usapin sa korapsyon ng Unang Pamilya sa kalagayang saklot ang buong papet na estado at bansa ng isyu sa pandarambong at talamak na korapsyon sa gubyerno at AFP. Pwede pang magsanga ang isyung ito at dumugtong sa kaso ng suhulan sa IMPSA, Macapagal



Blvd., Piatco at iba pa, at sumambulat nang mas malaki pa, sukdulang maghiwalay sa naghaharing reaksyunaryong pangkatin at magpatumba sa kanila sa isang pag-aalsang tipong-Edsa. Mangangailangan ng kilusang protestang mas malawak pa at ebidensyang mas malakas kaysa nailahad na para maramihang tumalikod o dumistansya sa Malakanyang ang mga tagasuporta nito sa kongreso, AFP-PNP, simbahan at masmidya. Pero ngayon pa lamang, lalo nitong pinatindi ang mga bulnerabilidad ng naghaharing paksyong nagkukumahog na suhayan ang kanilang hawak sa kapangyarihan. Lalo nitong niligalig ang malawak na masa ng sambayanan na labis nang nababalisa sa walang patumanggang kabulukan at korapsyon, pasistang terorismo ng estado, interbensyong US at mas mabilis pang pagsahol ng pamumuhay sa ilalim ng reaksyunaryo at papet na rehimeng US-Arroyo.

Tungkulin nating pamunuan ang mamamayan sa pagpapalawak at pagpapalakas ng kilusang protesta laban sa korapsyon at naghaharing reakysunaryo at papet na pangkatin. Pinakaimportante ang elemento ng malawak na kilusang masa para tunay na maging makapangyarihan ang pakikibaka laban sa korapsyon. Mananatiling makitid ang isyung Jose Pidal at malamang na mauwi lamang ito sa isa pang batuhan ng putik para sa susunod na eleksyon kung mananatili sa loob lamang ng Senado at nakasalalay sa mga ibinubuga ni Lacson at reaksyunaryong oposisyon. Mali ring mag-antabay na mas umabante pa ang kaso, hayaang lumampas ang init ng masa, at mabalaho ang isyu at laban sa mga ligal na teknikalidad at maniobrahan sa kongreso.

Mga tampok sa isyung ito...

Ang mga haharapin ni Arroyo bago ang 2004 PAHINA 3 Ka Amado V. Hernandez

PAHINA 9

Pulong ng WTO sa Cancun, bagsak PAHINA 10